

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIAN BAYAN

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIAN BAYAN OF ROXAS, ORIENTAL MINDORO HELD ON 02 APRIL 1993, 9:05 A. M. AT THE SANGGUNIAN BAYAN SESSION HALL.

Present:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Presiding Officer
Kagawad Honesto O. Taytay	- Member
Kagawad Crisencio S. Calma	- -do-
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	- -do-
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.	- -do-
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	- -do-, ABC President
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- -do-, SK Chairman

Absent:

Kagawad Cesar T. Baticos	- Member
Kagawad Ferdinand V. Talens	- -do-
Kagawad Bernabe S. Mortel	- -do-
Kagawad Ranulfo C. Bernal	- -do-

KAPASYAHAN BLG. 16
Taong 1993

KAPASYAHANG HUMIHINGI NG KAPAHINTULUTAN SA KGG. GELACIO I. YASON, PUNONG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GAMITIN SA PAGSASAAYOS NG SLAUGHTERHOUSE ANG MGA LUMANG MATERIALES NA MANGGAGALING SA GIGIBAING HIMPILAN NG PULISYA AT TANGGAPAN NG MUNICIPAL TRIAL COURT.

SAPAGKA'T, ang kasalukuyang slaughterhouse ng bayang ito ay maraming bahaging nangangailangan ng pagsasaayos upang mapabuti ang kondisyon ng mga gumagamit nito;

SAPAGKA'T, ang mga magpapatay ng hayop sa slaughterhouse ay nahahamugan at nababasa kapag umuulan na naka-aapekto nang malaki sa pagsasagawa ng kanilang tungkulin at mga gawain;

SAPAGKA'T, dahil sa di ligtas na kalagayan, nagkakaroon ng nakawan ng mga hayop sa slaughterhouse at gayundin patuloy na pumasok ang mga naglalaba at iba pang gumagamit ng poso sa loob nito; at

SAPAGKA'T, ang slaughterhouse ay nararapat lamang na maisaayos bilang isang malaking pinagkukunan ng kita ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Crisencio S. Calma at pinangalawahan ng lahat -

[Signature]

[Signature]


IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na humingi ng kapahintulutan sa Kgg. GELACIO I. YASON, Punong Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na gamitin sa pagsasaayos ng slaughterhouse ang mga lumang materyales na manggagaling sa gigibaing himpilan ng pulisya at tanggapan ng Municipal Trial Court.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. GELACIO I. YASON, Punong Bayan, Roxas, Silangang Mindoro para sa kanyang kaalaman at masusing pagpapasiya at sa Pambayang Ingatyaman Hidy F. Fiedacan para sa kanyang kaalaman.

PINAGTIBAY NG LAHAT.

02 Abril 1993


PINATUTUNAYAN KO ang katotohanan ng kapasyahang ito.


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim para sa Sanggunian

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

merz/
041493

RECEIVED
By: 
Date: 04-29-93
Time: 9:00 AM

RECEIVED
By: 
Date: 4/20/93
Time: 9:30